Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-25 NG HULYO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

KAPASIYANG PANLUNGSOD BLG. 101-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN, NA MAPAG-ARALAN ANG PAGKANSELA NG "EXCAVATION PERMIT" AT MATUKOY ANG MGA PAGLABAG NG CMWD - PRIME WATER INC. KAUGNAY SA KANILANG PROYEKTO GAYA NG KANILANG "WATER PIPES INTERLINKING" NA SA KASALUKUYAN AY NAOBSERBAHANG ISANG TUWIRANG PERWISYO (NUISANCE) SA PUBLIKO LALONG HIGIT SA MGA MOTORISTANG REGULAR NA GUMAGAMIT NG KALSADA (PRIMARY AT SECONDARY ROADS) AT GAYUNDIN ANG AGARANG PAGPAPATIGIL NG GAWAING PAGHUHUKAY AT PAGSIRA NG KALSADA, DAHIL SA MGA PERWISYO AT DISGRASYANG DULOT NITO SA LAHAT NG "ROAD USERS" AT SA MGA MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG MALOLOS, AT KAUKULANG IMBESTIGASYON UPANG MALAMAN KUNG ANG NASABING PROYEKTO AT JOINT VENTURE AGREEMENT AY ANGKOP SA KALALAGAYAN AT PANGANGAILANGAN NG MAMAMAYAN NG MALOLOS.

AKDA NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: IGG. EMMANUEL R. SACAY

SAPAGKAT, ang CMWD ay pumasok sa isang "Joint Venture Agreement" sa Prime Water, Inc. sa kabila ng pagtutol ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng isang Kapasiyang Panlungsod Blg. 09-2018;

SAPAGKAT, sa layuning "Business Interest" ay binabalewala ng CMWD ang kahilingan at pagtutol ng Sanguniang Panlungsod sa nasabing "Joint Venture Agreement" at kanilang ipinagpatuloy ang nabanggit na proyekto;

SAPAGKAT, may kapangyarihan at huridiksyon ang Sangguniang Panlungsod sa anumang transaksyon na may kinalaman sa "General Welfare" ng mamamayan ng lungsod, kung kayat sila ay humiling na mabigyan ng kaukulang sipi ng "Joint Venture Agreement", subalit binalewala lamang ng CMWD - PRIME WATER INC. ang nasabing kahilingan;

SAPAGKAT, ang CMWD - PRIME WATER INC. ay pinagkalooban ng "EXCAVATION PERMIT" ng City Engineer Office na ang ginamit na batayan ay PD No. 198;

SAPAGKAT, dahil sa naipagkaloob na "Excavation Permit" ay nagsagawa ng mga paghuhukay ang CMWD - PRIME WATER INC. sa iba't ibang kalsada ng lungsod, partikular ang MCARTHUR HIGHWAY at MOJON na naobserbahang isang tuwirang perwisyo at sanhi ng mga sakuna at hindi makatuwirang abala sa lahat ng "Road Users";

SAPAGKAT, lubhang apektado na ang kaayusan at negosyong umiiral sa lungsod at gayundin ang nag-aalimpuyong damdamin ng mamamayan na tila kawalan ng tamang pamamaraan sa ginagawang paghuhukay at pagsasaayos ng mga kalsadang patuloy na sinisira, kaugnay ng proyekto ng CMWD - PRIME WATER INC. na naobserbahang isang malaking perwisyo lamang ang dulot sa lahat ng "Road Users" (Publiko at Maloleño);

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

SAPAGKAT, ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, batay sa kanilang katungkulan at kapangyarihang kaloob ng batas (R.A 7160) ay may mandatong magsagawa ng anumang karapatang aksyon upang maprotektahan ang interes at kalalagayang pangkalusugan at kaayusan ng mamamayan ng Lungsod;

SAPAGKAT, dahil sa pagiging isang tuwirang abala at sagabal ng ginagawang "excavation" ng CMWD - PRIME WATER INC. sa "Primary at Secondary Road" ng lungsod at ang panganib na dulot nito sa buhay at ari-arian ng mga mamamayang regular na gumagamit ng nasabing mga kalsada, dahil na sa mali at hindi agarang pagsasaayos ng mga hinuhukay ay nararapat na itong ipatigil at maimbestigahan sa interes ng "General Welfare" "Peace and Order" at "Health and Sanitation";

Sa mungkahi ni Kon. Emmanuel R. Sacay na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na humihiling sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, na mapag-aralan ang pagkansela ng "Excavation Permit" at matukoy ang mga paglabag ng CMWD - PRIME WATER INC., kaugnay ng kanilang proyekto, gaya ng kanilang "Water Pipes Interlinking" na sa kasalukuyan ay naobserbahang isang tuwirang perwisyo (Nuisance) sa publiko, lalong higit sa motoristang regular na gumagamit ng kalsada (Primary at Secondary Roads) at gayundin ang agarang pagpatigil ng mga gawaing paghuhukay at pagsira ng kalsada dahil sa mga perwisyo at disgrasyang dulot nito sa lahat ng "Road Users" at sa mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos at kaukulang imbestigahan upang malaman kung ang nasabing proyekto at Joint Venture Agreement ay angkop sa kalalagayan at pangangailangan ng mamamayan ng Lungsod ng Malolos.

IPINASAYA RIN NA, padalhan ng kaukulang sipi nito ang mga kaugnay na tanggapan sa loob ng Lungsod ng Malolos para sa kanilang mabuting kabatiran at aksyon.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

*DhorieTrogo(SDC2)*072519